# KAIBIGAN

*by:*
**Maria Aileen D. Maglente**
*Teacher III, Orani National High School - Main*

Kaibigan. Pitong titik lamang sa biglang tingin ngunit napakaraming iba't ibang kahulugan. Halina't ating tunghayan at alamin kung alin sa mga pakahulugang ito ang atin ding sariling pakahulugan.

K – Kabutihan at kaligayahan lagi ng kanyang kaibigan ang kanyang hinahangad at laging kaagapay sa tuwina. A- aktibo at abala sa pagtulong sa kanyang kaibigan sa lahat ng pagkakataon. I - Inspirasyon siya lagi upang mga pangarap at mga magagandang hangarin sa buhay ay makamit at maisakatuparan. B– Biyaya sa kanya ng Maykapal ay kanyang handang ibahagi nang walang hinihintay na kapalit. I – Iiingatan niya lagi ang lahat ng kanyang iisipin, ipahahayag at gagawin upang hindi siya makasakit ng kalooban ng kanyang kaibigan. G –

Ginto kung kanyang ituring ang kanyang kaibigan na nararapat na palaging pahalagahan at ingatan sa lahat ng pagkakataon. A – Atensyon niya sa mga pangangailang ng kanyang kaibigan ay hindi niya ipinagkakait kailanman. N – Nararapat na tayo bilang isang kaibigan ay magsukli rin naman ng katapatan, pagmamahal at pagmamalasakit sa ating kaibigan.

Ang kaibigan ay hindi tumitingin sa antas ng buhay na mayroon ang kanyang kaibigan. Ang kaibigan ay katropa, kabakarda, karamay, kasangga, kapatid, kapamilya, kapuso" (Lee 2014).

"Ang kaibigan ay nagtutulungan. Ang tunay na kaibigan ay ang taong nagbibigay

sa iyo ng ganap na kalayaan na ipakita mo kung ano ang totoong ikaw lalo na ang totoo mong nararamdaman" (Jim Morrison).

"Ang tunay na kaibigan ay tutulong, magpapayo at gagabay sa iyo na ituwid ang iyong mga pagkakamali at hindi kailanman mangungunsinti sa iyo na manatiling nabubuhay sa pagkakamali na nagdudulot sa iyo ng kapahamakan sa huli kundi sa halip ay nagnanais ng iyong tagumpay sa susunod na panahon (Doug Larson).

"Ang totoong kaibigan ay laging naglalakad na kasabay ka kahit na ang karamihan ay iniwan ka na (Walter Winchell).

"Ang kaibigan ay isang uri ng tao na maaari mong hilingan ng tulong sa oras ng pangangailangan. Kabaligtaran ito ng isang kaaway. Ang kaibigan ay isang uri ng tao na laging nakaagapay sa iyo."(wikipedia.org. 2019).

Ang kasingkahulugan ng kaibigan ay "friend", "pal", kabarkada, amiga, katoto, pare, tropa, tsong utol" (Wiktionary).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang tunay na kaibigan ay gaya rin ating buhay na ipinagkaloob sa atin ng Diyos na isang regalo na dapat nating ingatan, pahalagahan at ituring na kayaman anuman ang mangyari kahit kailan at kahit saan.

Ang tunay kaibigan ay gaya rin ng isang tunay na pag-ibig na handang umalalay at magsakripisyo para sa ikaliligaya ng minamahal. "Gaya rin ng elevator na sasamahan ka paitaas.

Sa Mitolohiyang "Cupid and Psyche", ang tumulong kay Psyche upang mapaghiwa-hiwalay niya sa maikling panahon ang iba't ibang buto na pinagsama-sama ni Venus bilang pagsubok ng diyosa sa kanyang manugang ay ang mga munting nilalang na gaya ng mga langgam. Pinapatunayan lamang nito na ang tunay na kaibigan ay wala sa liit o laki ng antas sa buhay ang naabot o kalagayan kundi ang buong pusong

pagmamahal at pagtulong na kusang-loob na walang hinihinatay na kapalit sa oras na ang kaibigan ay nangangailangan nito (Cupid and Psyche. Edith Hamilton) .

“Mahirap makahanap ng tunay na kaibigan dahil sa modernong teknolohiya, napakadali na ngayong magkaroon ng daang-daan o libo-libong kaibigan sa social network, basta idagdag lang natin ang pangalan nila sa sa listahan ng ating mga contact (jw. org).

“Ang kaibigan ay ang taong hindi pinapansin ang iyong sirang bakod ngunit sa halip ay hinahangaan ang mga magagandang bulaklak na nakapaligid sa iyong hardin!” (Bookmark)

“Ang kaibigan ay ang taong nagmamahal sa iyo nang walang ginagamit na pamantayan sa kung ano ang kaya mong ialay, ibigay at gawin para sa kanyang kabutihan!” (wattpad.com)

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pahalagahan natin ang ating Diyos, kapwa at kaibigan sa pamamagitan ng three T’s, ang “time, talent and treasure” nang sa gayon ay hinding-hindi tayo magsisi sa huli! (Panayam. Single’s for Christ)

Ang kaibigan ay karamay sa lahat ng panahon anuman ang mangyari at nag-aakay sa kanyang kaibigan sa landas na matuwid at kinaroroonan ng ating Panginoong Diyos at sabay nilang tinutupad ang mga aral ng Maykapal patungo sa kaligayahang walang hanggan.

*References:*

Hamilton, Edith. “Cupid and Psyche”. Greek Mythology Book.
Bookmark
Kasabihan sa Wikang Ingles
Single’s for Christ. Isang Panayam.
https://www.jw.org.

https://www.udyong.net/teachers-corner/kaibigan.

https://www.wattpad.com

https://tl.wikipedia.org/wiki/Kaibigan

https://www.slideshare.net/vetlycherrylee/kaibigan-41241225. Nov 6, 2014.

https://www.brainyquote.com/topics/true-friend-quotes. Jim Morrison.

https://www.brainyquote.com/quotes/doug_larson_121444?src=t_true_friend. Doug Larson.

Wiktionary

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan